# Tala ng Editor

ROMMEL B. RODRIGUEZ, PhD
Punong Editor

*Nagtuturo ng panitikan at malikhaing pagsulat sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Kolehiyo ng Arte at Literatura, UP Diliman. Bukod sa pagiging guro, isa rin siyang malikhaing manunulat na nagkamit na ng iba't ibang gawad pampanitikan tulad ng Palanca. Awtor siya ng librong Lagalag ng Paglaya (UP Press, 2011) at Mga Apoy sa Ilaya (UP Press, 2018). Kasamang editor din siya ng mga antolohiyang Kathang-Isip: Mga Kuwentong Fantastiko (Ateneo de Manila University Press, 2011) at Transfiksyon: Mga Kathang In-transit (UP Press, 2014). Naging Visiting Professor siya sa University of Shizuoka, Japan noong 2014. Aktibo siyang mananaliksik ng kasaysayan at kulturang Filipino at kasalukuyang tumatayong direktor ng Sentro ng Wikang Filipino sa UP Diliman.*

Maugong ngayon ang usapin sa pagpapalit ng sistema ng pamahalaan. Nais ng kasalukuyang gobyerno na isulong ang sistema ng federalismo upang palitan ang kasalukuyang bihis ng ating konstitusyon. Tiyak na maraming mangyayaring pagbabago sa konteksto ng politika, ekonomiya at mga kultural at panlipunang usapin. Sa kasalukuyang bihis ng ating konstitusyon, itinatakda na wikang Filipino ang wikang pambansa na gagamitin sa mga opisyal na komunikasyon, saliksik at pagtuturo at hangga't walang itinatakda ang batas, maaari pa rin ang Ingles.

Ano ang epekto ng pagbabago ng sistema ng pamahalaan sa Filipino bilang wikang pambansa? Kung babaguhin ang konstitusyon, malulusaw ba ang wikang Filipino? Ano-ano ang mga posibilidad na maaaring kahantungan ng wikang Filipino bilang wikang pambansa? Hindi natin dapat kalimutan na may historikal at politikal na konteksto ang pag-iral at pag-unlad ng Filipino mula noon hanggang sa kasalukuyan. Sa pamamagitan ng pagtindig ng mga nasa akademya kasama ang malawak na kilusang masa, ngayon ay tinatamasa natin ang ambag at halaga ng wikang Filipino sa pang-araw-araw nating buhay, sa loob at labas ng Unibersidad. Nailuwal ng wikang pambansa ang mga pananaliksik na naglalaman ng mga kaalamang inaasahang pakikinabangan ng nakararaming mamamayan upang higit na lumalim ang ugat ng wikang Filipino sa ating diwa bilang bayan at kamalayan bilang lahi.

Maituturing na malaking hamon sa Filipino bilang wikang pambansa at sa mga tagapagtaguyod at tagapagsulong nito ang banta ng pagbabago ng sistema ng

pamahalaan. Gayunman, dahil sa mahabang kasaysayan na pinagdaanan ng Filipino, marami tayong aral na mahuhugot dito. Sa pamamagitan ng kritikal na pagharap sa banta, kolektibong aksiyon at pagkakaisang ipagtanggol ang Filipino bilang wikang pambansa, haharapin ang hamon na ito. Patunay rito ang patuloy na paglikha ng mga saliksik ng mga manunulat, mananaliksik at gurong nagsusulat sa Filipino upang isulong ang kaalamang nakabatay sa sarili nating kalinangan at danas. Sa pamamagitan ng masigasig na kontribusyon ng mga nasa iba't ibang larangan ng akademya, ilang ulit nang napatunayan ang bisa at talab ng Filipino upang magsilbing tulay sa paghatid ng kaalaman sa higit na nakararaming mamamayan.

Sa konteksto ng Unibersidad ng Pilipinas bilang pambansang pamantasan, patuloy na isinusulong ang wikang Filipino. Nang magkaroon ng planong pagbabago para sa mungkahing UP System Wide General Education Program, sa inisyal na konseptuwalisasyon nito, wala ang asignaturang may kinalaman sa wikang Filipino. Sa pamamagitan noon ng pakikipag-ugnayan ni Dr. Rosario Torres-Yu, dating direktor ng Sentro ng Wikang Filipino ng UP Diliman, at mga guro mula sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas sa mga tagapagtaguyod ng UP System GE, naisama ang Wika 1: Wika, Kultura at Lipunan bilang isa sa mga kurso sa UP System G.E. Ngayon ay inihahanda na ang kursong ito na ituturo sa iba't ibang UP Units.

Mahaba-haba ang pinagdaanan ng kursong ito upang maipasok sa UP System G.E. Mula sa mga naging talakayan sa mga kumperensiya, pagbuo ng mga modyul at teacher's guide, usapin kung bakit hindi tawaging Filipino sa halip na Wika 1 ang kurso, hanggang sa batikos na mistulang binitawan ang Filipino sapagkat wala ito sa pamagat ng kurso. Kung hindi kumilos ang mga tagapagtaguyod nito, at nagpadala na lamang sa mga puna, posibleng hindi naisama ang Wika 1 sa buong UP System GE.

Sa lahat ng ito, napatunayang marapat ang aktibong partisipasyon ng mga may malalim na kaalaman at karanasan sa pagtataguyod ng wikang pambansa upang hindi ito bitiwan at sa halip ay palakasin. Mahalaga ang mga tunggalian sapagkat nahahasa nito ang ating kritikal na pag-iisip. Sa huli, sa pamamagitan ng Wika 1, patunay ito na walang binibitawang prinsipyo sapagkat ang úbod ng kursong ito'y ang wikang Filipino at ang diskursibo nitong katangian bilang maunlad at mayaman na disiplinang pang-akademya.

Hanggang malawak ang suportang tinatamasa ng wikang Filipino mula sa mga administrador at mga guro ng iba't ibang disiplina sa Unibersidad ng Pilipinas, mga pribado at pampublikong institusyon, mga mananaliksik, malikhaing mga manunulat, mga sektor, at mambabatas, mananatiling matatag ang Filipino bilang wikang pambansa. Gayunman, marami pa ring dapat gawing mga inisyatiba upang patuloy na itaguyod ang wikang Filipino, sakali mang magbago ang sistema ng pamahalaan. Ang tiyak, hangga't nasa konstitusyon ang wikang Filipino, hangga't may Patakarang Pangwika ang U.P., patuloy na isusulong ang wikang Filipino upang hindi na maihihiwalay sa ating pambansang kamalayan at identidad.